

AA0000000



Ferdinand R. Marcos Jr.
Pangulo ng Pilipinas
Felipe M. Medalla
Tagapangasiwa ng Bangko Sentral

Bakit Smarter, Cleaner, at Stronger ang 1000-Piso Polymer Banknotes?

#PisowithBenefits #SmarterCleanerStronger

SMARTER, CLEANER, at STRONGER: ANG 1000-PISO POLYMER BANKNOTE

Narito na ang makabagong piso! Inilabas ng Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) ang bago at mas pinabuting 1000-Piso Polymer Banknotes na magagamit kasabay ng 1000-Piso Paper Banknotes. Ang hakbang na ito ay makatutulong sa BSP upang mapatunayan ang mga benepisyong tinutukoy ng mga bansang gumagamit na ng perang polymer, gaya ng United Kingdom, Australia, at Canada. Ilan sa mga nabanggit na benepisyo ng polymer banknotes ay ang pagiging: SMARTER (mas mahirap pekehin at mas makakalikasan), CLEANER (mas malinis), at STRONGER (mas matibay at mas matipid sa produksyon) kumpara sa perang papel. Ang perang polymer ay may kakaibang disenyo rin upang mas madali itong makilala kumpara sa perang papel.

Ang mga central bank sa buong mundo ay karaniwang nagpapalit ng disenyo ng pera kada sampung taon. Alinsunod sa kagawiang ito—at bilang tugon sa nagbabagong mga pangangailangan ng mga Pilipino at ng panahon—patuloy na pinagbubuti ng BSP ang pera ng bansa sa pamamagitan ng mga makabagong disenyo at teknolohiya.

Ang mga sumusunod ay nag-uudyok sa agarang paggamit ng perang polymer:



Una, mula nang magsimula ang pandemyang dulot ng COVID-19, naging pangmalawakang pangangailangan na maging mas malinis ang mga bagay na madalas hawakan gaya ng pera at barya.



Pangalawa, bagamat hindi malaking problema ng bansa ang pamemeke ng pera, patuloy ang mga sindikato sa paggamit ng makabagong paraan at teknolohiya upang mapeke ang serye ng pera na kasalukuyang nasa sirkulasyon.



Pangatlo, dahil sa patuloy na pagtaas ng kakulangan sa tubig at enerhiya, ang pera ay dapat maging mas matibay at recyclable. Ang matibay at recyclable na pera ay makabubuti sa kalikasan at makababawas ng gastos sa produksyon ng pera.

Ang perang polymer ay tumutugon sa mga alalahaning nabanggit dahil ito ay mas matibay, malinis, mahirap pekehin, sulit, at makakalikasan.

BAKIT SMARTER ANG POLYMER BANKNOTES?

Una, **MAS SECURE ITO.**

Mas mahirap pekehin ang perang polymer dahil sa sopistikadong imahe at makabagong teknolohiya na ginamit para sa katangiang panseguridad nito.

Natatangi ang materyal na ginamit sa paglikha ng perang polymer kaya mas mahirap itong kopyahin. Patunay dito ang kapansin-pansing pagbaba ng bilang ng mga pekeng pera na nasa sirkulasyon mula 30 porsyento hanggang halos wala sa mga bansang gumagamit na nito (CCL Secure LTD., n.d.).

Ang Canada, Australia, New Zealand, Malaysia, Mexico, Fiji, at Vietnam ay ilan sa mga bansang nakaranas ng malaking pagbaba sa kaso ng mga pekeng pera dahil sa paggamit ng perang polymer.

Sa Canada, matapos ang walong taong paggamit ng perang polymer, bumaba ang kaso ng pekeng pera mula 470 kada isang milyong banknote na nasa sirkulasyon sa 15 kada isang milyon na lamang. Sa Vietnam, bumaba rin ang mga naitalang kaso ng pekeng pera ng 80 porsyento.

Pangalawa, **MAS SUSTAINABLE ITO AT HINDI NAKASASAMA SA KALIKASAN.**

Ang perang polymer ay mas mabuti para sa kalikasan (i.e., mas maliit na carbon footprint, mas kaunting paggamit ng tubig at enerhiya, at mas mababang environmental toxicity) kumpara sa perang papel. Bukod pa rito, hindi bababa sa 2.5 beses na mas matagal sa sirkulasyon

As of 8 December 2022



ang perang polymer kumpara sa perang papel. Ito ay nakatutulong na mabawasan ang environmental impact na kaakibat ng regular na produksyon ng mga banknote na ipinapalit sa mga nasirang pera (BOE & PE International, n.d.).

Ayon sa isang pag-aaral na isinagawa ng Bank of England (BOE), tinatayang nabawasan ng 53 porsyento ang kanilang greenhouse gas emissions matapos ang paggamit ng perang polymer (Shonfield, 2017).

Sa isang pag-aaral naman na kinomisyon ng Bank of Canada (BOC), napatunayan ng PE Americas at Tryskele (2011) na mas maraming mabubuting dulot sa kalikasan ang paggamit ng perang polymer kumpara sa perang cotton-based dahil: (1) mas madalang ng 2.5 na beses ang paggawa ng perang polymer; (2) mas madalang ng 2.5 na beses ang pag-transport ng perang polymer at mas magaan din ito na siyang nakababawas sa konsumo ng enerhiya; at (3) ang perang polymer ay gawa sa inactive carbon na hindi naglalabas ng greenhouse gas sa mga landfill.

Pagkatapos gamitin sa loob ng mahabang panahon, maaaring iresiklo ang perang polymer para makagawa ng materyales para sa pagtatayo ng mga gusali at muwebles para sa hardin (BOE & PE International, n.d.).

BAKIT CLEANER ANG POLYMER BANKNOTES?

MAS RESISTANT ITO SA DUMI, VIRUS, AT BACTERIA.

Higit na mas malinis ang perang polymer, at mas maikli ang buhay ng mga mikrobyo at bakteryang dito kumpara sa perang papel. Mas madali rin itong linisin nang hindi agad nasisira.

Sa isang pag-aaral sa Mexico, ang bilang ng bakteryang natagpuan sa perang polymer ay tinatayang 25 porsyento lamang ng dami ng bakteryang natagpuan sa perang papel (Vriesekoop et al., 2010).

Pareho sa nabanggit na pag-aaral, iminungkahi ng Reserve Bank of Australia na mas malinis ang perang polymer kumpara sa perang papel dahil sa protective overcoating ink nito. Nakatutulong din ang katangiang ito upang mas tumagal ang perang polymer.

Noong 2019, iniulat ng BOE na mas malinis ang perang polymer dahil sa mas makinis na katangian nito—dahilan upang hindi ito agad makapitan ng dumi at mabasa. Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral nina Vriesekoop et al. (2016) na ang paglilinis ng perang polymer ay nagdudulot ng mas mabilis na pagbaba sa bilang ng mikrobyo kumpara sa paglilinis ng perang cotton-linen at washi-style.¹

Ayon naman sa pag-aaral nina Riddel et al. (2020), tumagal lamang ang COVID-19 virus sa perang polymer ng pitong araw—kumpara sa 21 araw sa perang papel.

Sa isang espesyal na tala tungkol sa COVID-19, iminungkahi ng International Monetary Fund (IMF) sa mga pamahalaan ang paggamit ng perang polymer dahil mas mababa ang tsansa nitong makapagpasa ng COVID-19 virus (IMF, 2020). Matapos suriin ang ilang mga pag-aaral at datos, inirekomenda ng Department of Health ang paggamit ng perang polymer dahil mas maikli ang buhay ng mga mikrobyo at bakteryang rito kumpara sa perang papel.

BAKIT STRONGER ANG POLYMER BANKNOTES?






MAS MATIBAY ITO AT MATIPID SA PRODUKSYON.

Mas matibay ang perang polymer kumpara sa perang papel dahil water- at dirt-resistant ito. Hindi rin ito madaling mapunit o masira.

Ayon sa pag-aaral na kinomisyon ng BOC, ang perang polymer ay tumatagal ng pito't kalahating taon kumpara sa perang cotton na tatlong taon lamang (PE Americas & Tryskele, 2011).

Tumatagal ang perang polymer ng dalawa hanggang limang beses kumpara sa perang papel. Kaya naman, mas matipid ang produksyon nito sa pangmatagalan.

Reported lifetime ratios of various polymer banknotes (increased life factor vs. paper banknotes)

COUNTRIES	 CANADA	 AUSTRALIA	 NEW ZEALAND	 MEXICO	 PAPUA NEW GUINEA
DENOMINATION	20 CAD	10 AUD	20 NZD	20 MXN	2 PGK
LIFETIME RATIO	2.5	3.8	4.8	3.5	4.8

Ang mga central bank na gumagamit na ng perang polymer ay nagtala ng mas mababang gastos sa pag-iimprenta. Halimbawa, nakalkula ng BOE na makakatipid ito ng tinatayang £100 milyon sa loob ng isang dekada sa pag-iimprenta ng £5 at £10 na gawa sa polymer kumpara sa pag-iimprenta ng perang papel (Bruce & Milliken, 2014).

Dagdag pa rito, ang Australia ay nakatipid ng halos \$1 bilyon sa nakalipas na 25 taong paggamit ng perang polymer—hindi pa kabilang dito ang mga natipid mula sa pagbaba ng kaso ng pekeng pera (Wakefield et al., 2019).

¹ Ang washi-style paper banknotes, tulad ng *Japanese banknotes*, ay gawa sa abaca, mitsumata (*Edgeworthia papyrifera*), at iba pang hibla (National Printing Bureau of Japan, n.d.).

